# 1

"Let's all give a warm welcome to Miss Adriana Salvaloza, our summa cum laude!" Sinalubong ng masigabong palakpakan ang pagpapakilalang iyon at lahat ay napatuon ang pansin sa babaeng tila prinsesa habang umaakyat sa entablado.

Samantala, halos umapaw ang kaligayahan sa puso ni Iya. Habang lumalakad ay hindi niya mapigilan ang pagdaloy ng luha sa kanyang pisngi. Pakiramdam niya ay para siyang lumulutang sa ulap sa sobrang galak. Tila musika sa pandinig ang mga papuri at palakpakan ng mga kapwa niya graduates. Siya kasi ang nagkamit ng pinakamataas na karangalan sa buong batch ng college graduates ng university na iyon sa California.

"Congratulations!" bati sa kanya ng presidente ng university habang iginagawad sa kanya ang gintong medalya ng karangalan.

"This is for both of you, Mom and Dad," naluluha niyang pagtatapos sa kanyang speech habang nakatingin sa mga magulang na sa wari niya ay nagpipigil din na maging emosyonal sa sandaling iyon. "I love you."

Sa isang class restaurant ginanap ang celebration para sa graduation ni Iya. Iyon ay dahil na rin sa pamimilit ng kuya niya at ng girlfriend nito. Sa States na kasi naka-base ang Kuya Dion niya pati na ang nobya nito na half-Pinay, half-American. Ito ang may-ari ng restaurant na iyon.

Alas diez na ng gabi nang makauwi sila ng bahay. Isinabay na kasi nila ang pamamasyal dahil uuwi na ng Pilipinas ang kanilang mga magulang sa makalawa. Pumunta lang naman ng Amerika ang mga ito para dumalo sa graduation niya. Mahigit na ring tatlong taon silang hindi nagkikita ng mga ito. Simula kasi nang umalis siya ng Pilipinas noong eighteen years old siya ay hindi pa siya umuuwi kahit bakasyon siya sa school. Ginugugol niya ang oras sa mga pinapasukan niyang summer jobs. Katuwiran niya ay para hindi siya maging masyadong pabigat sa magulang at kapatid. Ngunit ang totoo ay ayaw niyang bumalik sa Pilipinas dahil hindi na niya gustong balikan ang nakaraang labis na nakasugat sa kanyang puso. Mahigit tatlong taon na ang lumipas ngunit pakiramdam niya ay kahapon lang nangyari ang lahat ng iyon.

"SO ANO'NG plano mo ngayon, hija?" tanong

ng papa niya habang nagkakape sila sa salas.

"Well, gusto ko po sanang dito na magtrabaho. Nakausap ko n'ung isang araw si Mitch, 'yung classmate ko n'ung high school. Dito na pala siya naka-base and he's working in a publishing company. Plano naming magtayo ng isang children's bookstore na parang day care service center na rin. May mga contacts na kami na willing mag-invest."

"Hmm… not bad. Pero di ka ba muna uuwi para magbakasyon? You deserve a break, hija."

"Oo nga naman, sis! Umuwi ka muna ng Pilipinas. Sigurado, magiging masaya ka d'un," hirit ni Dion na tila may panunukso sa tinig. Nakangiti itong tila inaarok ang magiging reaksyon niya.

Kaagad niya iyong nahalata. "Shut up, Kuya. Masaya na ako dito, 'no." Saka siya umirap dito. Ang lakas tuloy ng tawa ng binata.

"Siyempre, magiging masaya ka sa Pilipinas kasi 'andoon si Lola." Umiling-iling ito. "Kung anu-ano kasi iniisip mo," patuloy na buska nito.

"Kuya!" Namumula na talaga siya sa inis.

"Okay. Fine." Natatawang nagmuwestra ito ng pag-zip ng bibig.

"Tumigil na nga kayong dalawa. Ang lalaki n'yo na, nag-aasaran pa rin kayo. Lagi mo pa rin inaasar itong kapatid mo." Nakatingin na ito kay Dion na natatawa pa rin hanggang ngayon.

Hindi pa rin talaga nagbabago ang kuya niya. Madalas pa rin itong mang-asar pero alam naman niyang na mahal siya nito. Hindi ito nag-atubiling kupkupin at damayan siya sa mga panahong labis niyang dinadamdam ang masakit na nakaraan.

Nabaling ang atensyon ng lahat nang magsalita ulit si Bernardo, ang kanilang padre de familia. "Umuwi ka muna ng Pilipinas, Anak."

"Pa, gusto ko munang i-establish ang sarili ko dito bago ako umuwi sa 'tin." Naglalambing na umupo siya sa tabi ng ama at yumakap dito. "Promise, I'll go home after I've settled things here."

Wala nang nagawa ang ama sa desisyon niya. Naunawaan nito at kung minsan ay sinisisi ng mga ito ang mga sarili dahil hindi niya na-enjoy ang pagiging dalaga dahil sa pagsunod sa kagustuhan ng mga magulang.

"Promise 'yan ha, Hija?"

"Yes, Ma, Pa. I'll be coming home soon."

KAUUWI lang ni Iya sa kanilang bahay nang makatanggap siya ng tawag mula sa mga magulang Nanggaling siya sa bahay ng kaibigang si Mitch para pag-usapan ang itatayo nilang business. Isang linggo iyon matapos umuwi ng Pilipinas ng kanyang mga magulang.

"May problema po ba d'yan?" nag-aalalang tanong niya nang mapansing may kakaiba sa tinig ng ina.

Narinig niyang tila suminghot ito. "Hija…" At tuluyan na itong napahagulhol.

"Hello, Ma. Ano'ng nangyari?" Kinakabahan na talaga siya. Napahinto siya sa tangkang pagsasalin ng juice sa kanyang baso.

"Anak, ang lola mo..."

Tuluyan na siyang napaupo sa silya. "Ano po'ng nangyari kay Lola?"

"Nandito kami ngayon sa ospital. Inatake siya kagabi and she's too weak. And she's calling out your name, hija. Kayo ng kuya mo," humihikbi pa ring salaysay ng ina.

"I'm coming home, Ma. I'll try to book the earliest flight to Manila tomorrow. Tell Lola I'll be

home.” Huminga siya nang malalim. “Please take good of her, Ma.” Saka nanghihinang pinindot niya ang end call button ng kanyang cellphone. She loved her grandmother so much. Ito ang kakampi niya sa lahat ng bagay at ito rin ang unang nagsesermon sa kanya kapag may ginagawa siyang kasalanan. Spoiled siya rito pero hindi niya inaabuso iyon dahil alam niya kung paano ito magalit. Ito ang sobrang nagalit sa mga magulang niya nang magdesisyon ang mga ito na labis na nakapagpabago sa buhay niya. Ito rin ang dumamay sa kanya noong labis siyang nasaktan noon. Mahal na mahal niya ito at ayaw niyang mawala ito. Uuwi siya ng Pilipinas para rito at para na rin sa sarili. Pagkatapos ng ilang taon niyang paglayo, kailangan na niyang ipagpatuloy ang kanyang buhay at limutin ang masakit na yugtong iyon ng buhay niya.

Ibinalita niya sa kapatid ang nangyari sa kanilang abuela ngunit gustuhin man nitong sumama ay hindi puwede dahil sa dami ng trabaho nito sa pinapasukang kompanya. Nakakuha na siya ng ticket pauwi ng Manila kinabukasan ng umaga, sa tulong na rin ng nobya ng kuya niya na may pinsan na nagtatrabaho sa travel agency.

Nag-iimpake siya ng kanyang gamit nang kausapin siya ni Dion. “Panahon na nga siguro para

umuwi ka sa 'tin," seryosong pahayag nito.

Nag-angat siya ng tingin at lumapit ito sa kama niya. Tumigil siya sa ginagawa at humarap sa kanyang kuya. Huminga ito nang malalim. "Will you be okay?"

Napatawa si Iya. "Of course I'd be, Kuya, pero nag-aalala pa rin ako kay Lola."

Masuyo siyang inakbayan ng kapatid. "Iya, it's been three years since you left home but I can sense that you're still hurting."

Tumingala siya rito. Naunawaan niya ang ibig sabihin nito. "Kuya, I admit nasaktan talaga ako at alam mo 'yan. But I've moved on." Ngumiti siya sa kapatid pero alam niyang hindi ito kumbinsido base na rin sa pagkakatingin nito sa kanya.

"Iya, mahal na mahal kita at pag nasasaktan ka'y mas nasasaktan ako lalo na kung wala akong magawa para alisin ang sakit na nararamdaman mo. Bata ka pa at gusto kong maging masaya ka. Pag-isipan mong mabuti ang mga bagay-bagay pag-uwi mo. Baka sakaling sa 'tin ay maisip mo ang tamang gagawin para lumigaya ka. Tama na ang pagdurusa mo, panahon na para maging masaya ka at alam kong sa Pilipinas naroon ang kaligayahan mo."

Mahaba ang sinabi nito pero alam niyang may punto ito. Pilit man niyang i-deny sa sarili ay pilit pa ring nagsusumiksik sa puso't isipan niya ang nakaraan. Pinilit niyang kalimutan pero naroon pa rin at nakaukit na sa puso at isipan niya ang nag-iisang lalaking tangi niyang minahal ngunit labis ding dumurog sa puso niya tatlong taon na ang nakakaraan. Si Brad, ang lalaking nagpatibok sa puso niya ngunit nagpaluha rin sa kanya. Ang siya ring dahilan kaya hindi niya ginustong bumalik sa tinubuang lupa. Pero nakahanda na siyang harapin ito sakaling magkita sila muli.

Bago natulog si Iya nang gabing iyon ay hindi mawala sa isip niya si Brad at kung anuman ang naghihintay sa kanya sa pag-uwi niya. Pinilit niyang kumbinsihin ang sarili na nakalimutan na niya ito ngunit nabigo siya. Mahal pa rin niya ito sa kabila ng lahat. Matalino si Iya pero nagiging tanga siya pagdating sa pag-ibig. Ganoon naman daw talaga pero hindi niya hahayaang muli siyang masaktan ng lalaking iyon. Hinding-hindi niya hahayaang malaman nito ang tunay niyang nararamdaman. Tama na iyong minsan siyang nasaktan nito. Baka hindi na niya makayanan ang susunod pa.

*Never again, Brad. Never. I've had enough.*

# 2

Inihatid siya ng Kuya Dion niya sa airport kinabukasan. Kasama nito ang nobyang si Ashley.

"Take care, princess," bulong sa kanya ng binata habang mahigpit na nakayakap sa kanya. Napaluha siya sa tinuran nito. Ngayon lang ulit siya tinawag nito sa ganoong endearment.

"I will, Kuya." Gumanti siya ng mas mahigpit na yakap dito. Sobrang na-touch talaga siya sa gesture na iyon ng kapatid.

"Hey! Break it off you two, or Iya will miss her flight," natatawang awat ni Ashley sa nagdadramang magkapatid.

Natatawang nagkalas ang dalawa. Binalingan naman ni Iya ang nobya ng kapatid.

"Please take care of Kuya, Ate Ashley," bilin niya rito at saka yumakap.

"You bet! Ingat ka rin."

"'Bye, Kuya, Ate." Saka siya nagmamadaling lumakad palayo.

Nakapila na siya sa immigration line nang mapatuon ang tingin niya sa isang lalaking nakalagpas na at patungong boarding gates. Nakatalikod ito pero parang pamilyar ito sa kanya… para itong si Brad.

Kahit tatlong taon na ang lumipas ay hindi pa rin niya nakakalimutan ang anyo nito. Pero imposibleng si Brad iyon. Ang alam niya ay nagbalik na ito ng France matapos nilang maghiwalay ng landas. Siguro ay namalikmata lang siya.

*Nasobrahan lang ako sa pag-iisip sa kanya kagabi*, aniya sa isip.

HALOS NATULOG lang si Iya sa buong biyahe. Ayaw na niyang mag-isip sa kung anuman ang naghihintay sa pagbabalik niya sa Pilipinas. Basta ang mahalaga sa kanya ngayon ay ang makita ang pinakamamahal niyang lola.

“Yaya!” tawag niya nang makita ang kanyang tagapag-alaga mula pa pagkabata. Hindi na siya nagpasundo sa mga magulang niya dahil alam niyang madali na ang mga itong mapagod.

Hindi makapaniwala si Yaya Maria sa nakita. “Adriana!” Gulat na gulat ito sa kanyang hitsura.

Lalo kasi siyang gumanda. “Ikaw na ba ’yan?”

Natawa ang dalaga sa reaksyon ng matanda. “Ako pa rin ’to, Yaya!” Excited siyang yumakap dito. Kahit kailan ay hindi niya ito itinuring na iba. Ito ang pangalawa niyang nanay.

Naluluhang gumanti ng yakap ang nakatatandang babae. “Ang laki-laki mo na at ang ganda-ganda!” Halata sa boses nito ang pagkasabik sa anak-anakan. Kumalas ito ng yakap at masusi siyang pinagmasdan.

Pilya naman siyang umikot-ikot sa harapan nito na tila modelo. Napatawa sila pareho. “Ikaw nga, Yaya, mukhang hindi ka tumatanda.”

“’Kaw talagang bata ka! Pilya ka talaga. Hala, tayo na at hinihintay ka na ang lola mo.”

Masaya silang lumakad palabas ng airport. Hindi na nila napansin ang isang pares ng matang kanina pa nakamasid sa kanila partikular na sa papalayong si Iya.

*Welcome home, Iya. I’m glad you’re back,* anito sa isip. Saka lang ito lumakad palapit sa naghihintay na sasakyan.

Pagkagaling sa airport, dumerecho na sina Iya

sa ospital kung saan naka-confine ang abuela kaysa umuwi muna sa mansion nila. Alam niya kasing naroroon din ang kanyang mga magulang.

“Mama, Papa!”

Napalingon ang lahat sa pinanggalingan ng boses. “Anak!” Unang nakabawi sa pagkabigla si Martha. “Kumusta ang biyahe?”

Yumakap siya rito. “Okay lang po.”

“Dapat nagpahinga ka muna, hija,” turan ng ama lumapit sa kanila.

Humalik si Iya kay Bernardo. “Kumusta na po si Lola?” Humalik siya sa kamay ng natutulog na abuela.

“Okay na siya, anak. Hindi pa lang siya makakausap dahil sa binigay sa kanyang gamot,” tugon ng ama.

Napabuntong-hininga siya. “Ano po ba nangyari kay Lola?”

“Naglalakad-lakad siya garden nang bigla na lang siyang nahirapang huminga. Buti na lang nakita siya ni Mang Delfin, kaya agad namin s’yang nadala rito sa hospital.”

“Kawawa naman si Lola,” tila sa sarili lang na sambit ng dalaga habang matamang nakatunghay sa natutulog na abuela.

Napabuntong-hininga na lang ang mag-asawa Bernardo at Martha sa narinig na tinuran ng anak. Alam nila kung gaano nito kamahal ang matanda at gayundin naman ang matanda dito. Hindi nga ba at sumama ang loob ng lola nito nang ipilit nila ang gusto nila kay Iya tatlong taon na ang nakararaan? Ang sabi nito ay mistulang ninakawan nila ng kalayaan at karapatan ang anak dahil sa kagustuhan nila. Alam nila iyon at ngayon nga ay nagi-guilty sila dahil sa nangyari kay Iya. Mabuti na lang at likas na mabait ito at kailanman ay hindi sila nakarinig ng paninisi at panunumbat mula rito.

“Anak, halika, kumain muna tayo.” Sama-sama nilang tinungo ang cafeteria ng ospital. Naiwan muna si Yaya Maria para magbantay sa pasyente.

LIMANG ARAW pa ang inilagi ng Lola Dora ni Iya sa ospital ayon na rin sa payo ng doktor para makapagpahinga ito nang maayos. Sa mga araw na iyon ay ang dalaga ang nagbantay sa matanda kaya naman mas napabilis ang paglakas nito. Siya ang nagsilbing private nurse nito hanggang sa bahay.

"Ma, Pa, sasama po ako kay Yaya na mag-grocery mamaya," paalam niya sa mga magulang habang nag-almusal sila.

"Sige, anak. Alam kong na-miss mo ang Pilipinas. Basta mag-iingat kayo, ha?" pagpayag ni Bernardo.

"Thanks, Pa." Tuwang-tuwang mabilis niyang tinapos ang pagkain ng almusal. "We'll go ahead na po." Nagmamadali na siyang tumayo.

"Ingat kayo!" naiiling na pahabol ni Martha saka bumaling sa asawa. "Siya nga pala, Bernardo, bakit hindi mo pa sinabi kay Iya na dadating sina Mareng Beatriz mamaya?"

Huminga ito nang malalim bago sumagot. "Hindi ko alam kung paano ko sasabihin sa kanya. Nakita ko kung gaano siya nasaktan noon at masaya na siya ngayon. Hindi ko kayang hadlangan ang kasiyahan niya."

"Pero magugulat siya mamaya kapag nakita ang mga biyenan niya," nag-aalalang anang babae.

"Bahala na."

SAGLIT NA iniwan ni Iya si Yaya Maria na kasalukuyang nasa meat section ng grocery para

humanap naman ng paborito niyang fresh milk at chips. Palagi siyang may stock ng ganoon sa bahay. Mahilig kasi siya sa mga chichiria. Busy siya sa paghahanap ng chips nang hindi sinasadyang may nakabungguan. Nalaglag tuloy ang hawak-hawak na binili ng estranghero.

"Naku, sorry po! Hindi ko po sinasadya." Nagmamadali siyang yumuko upang pulutin ang mga nalaglag na chips ng estranghero. Ni hindi siya tumitingin dito kaya nagulat siya nang magsalita ito.

"Careless ka kasi. Mag-ingat ka naman next time," malamig na nito.

Dagli siyang napatunghay dahil sa sinabi nito. Pamilyar ang linyang iyon sa kanya—lalo na ang boses na iyon.

"Brad!" Napabilis ang ginawa niyang pagtayo kaya naman nalaglag ulit ang mga pinulot niya.

"Hello, my dear wife!" nakangiti nitong bati sa gulat na gulat pa ring babae. "How are you?"

Bigla ang pagbangon ng galit na matagal niyang kinikimkim para rito. "What are you doing here?" Hindi na niya pinagkaabalahang pulutin ang mga nalaglag na bitbit.

"Well, namimili din." Walang anumang pinulot nito ang mga pinamili, pero hindi inalis ang tingin sa kanya. "So, kumusta ka na?"

"Wala kang pakialam!" singhal ni Iya at saka tumalikod at nagmamadali ng lumayo. Ngunit naging maagap si Brad; kaagad siya nitong nahawakan sa kamay.

"Teka sandali lang, Iya," pigil nito.

"Ano ba! 'Wag mo nga akong hawakan." Ipiniksi niya ang kamay. "Bakit mo ba ako sinusundan?"

Ngumiti ito nang nakakaloko. "I hate to burst your bubble, dear wife, pero hindi kita sinusundan. Kukunin ko lang 'yang chips ko. Dinala mo kasi."

*Aba't! Ang kapal!* Noon lang niya naalala ang hawak na packs. "O, 'eto na! Isaksak mo sa baga mo!" asik ni Iya, saka padaskol na ibinigay ang lahat ng dala pagkatapos ay nagmamadaling lumayo. Hindi tuloy niya napansin ang kanyang yaya na nalampasan na niya.

Hinabol siya nito. "O, Iya! Bakit parang nagmamadali ka?"

"Ah, eh... wala po, Yaya. Tapos na po ba kayong mamili?" pag-iiba niya ng topic.

"Oo. Babayaran ko na lang 'to. Bakit para yatang may iniiwasan ka?" patuloy na usisa pa rin nito. Nagpalinga-linga ang babae ngunit wala naman itong nakitang maaari niyang katakutan.

"Wala po talaga. Halika na po at bayaran na natin 'yan at nang makauwi na tayo," aniyang nagpatiuna na sa pagpunta sa pila sa counter.

HALOS BUONG ARAW na hindi mapakali si Iya dahil sa muli nilang pagkikita ni Brad, ang kanyang asawa. Tatlong taon na mula noong hiwalayan niya ito at nagpasya siyang sa Amerika na ipagpatuloy ang pag-aaral. Ngunit sa mga panahong iyon ay presensya lang nito ang nawala ngunit nananatili pa rin ang pagmamahal niya rito sa kabila ng nangyari sa kanilang pagsasama. Kung kailan inamin na niya sa sarili na umiibig na siya rito ay saka naman niya natuklasan ang katotohanang labis na sumugat sa kanyang pusong natuto nang magmahal. Hindi niya ito mapapatawad kahit kailan kahit pa mahal niya ito. Labis siyang nasaktan sa ginawa nitong panloloko sa kanya.

Naging abala ang isip ni Iya kaya hindi niya namalayan na nakatulog na pala siya. Nagising lang siya sa katok sa pinto ng silid niya.

"Tuloy!" pupungas-pungas niyang tugon.

Pumasok ang isa sa kanilang katulong sa bahay. "Señorita, maghanda na raw po kayo sabi ng inyong papa. May darating daw pong bisita at dito maghahapunan."

"Sino raw?"

"Hindi ko po alam, eh," magalang na turan ng kawaksi.

Tumayo na siya mula sa kama. "Sige po, Manang. Susunod na po ako."

Walang sinabi kanina ang ama na may bisita sila ngayong gabi. Gayunpaman ay naligo na rin siya at naghanda para sa hapunan. Wala siyang ideya na isang malaking sorpresa ang naghihintay sa kanya.

"HELLO, PAPA!" Humalik si Iya sa ama na naabutan niyang nasa salas. "Si Mama po?"

"Nasa kusina at inaasikaso ang mga inihahandang pagkain," tugon nito.

"May bisita daw po tayo," walang anumang saad niya habang nagbubuklat ng magazines.

"Oo, anak." Sabay silang napalingon sa may

dako ng pintuan nang makarinig sila ng paghinto ng sasakyan. "'Ayan na pala sila."

Tumayo si Bernardo para salubungin ang mga bagong dating. Hindi naman na nag-abalang sumama pa si Iya dahil iniisip niyang hindi niya kilala ang dumating. Baka mga kasamahan iyon sa negosyo ng kanyang ama. Hihintayin na lang niyang pumasok ang mga ito at maipakilala sa kanya.

"Balae!"

Ang tinig ng babaeng iyon ang nakapagpaangat ng paningin ni Iya mula sa binabasang magazine at labis niyang ikinagulat ang nakitang mga kasama ng ama papasok sa salas. Napatayo siya.

"Mommy... Daddy," hindi makapaniwalang sambit niya. Mahina lamang iyon ngunit sapat upang mapako sa kanya ang tingin ng lahat.

"Adriana, hija!" sabik na salubong sa kanya ng ina ni Brad. Mahigpit siya nitong niyakap. Matagal iyon at halos nahirapan siyang makahinga sa higpit. Kumalas lang ito nang makahalatang medyo naipit na siya.

"Mommy." Nagsimulang mangilid ang luha ni Iya.

"Kumusta ka na, Anak?" Lumapit din at yumakap sa kanya ang ama ni Brad na si Victorio.

Gumanti siya ng yakap dito. "Mabuti naman po ako. Kayo po, kumusta na po kayo?"

"Hay naku, balae! Tamang-tama ang dating n'yo. Nakahanda na ang hapunan. D'un na ninyo ituloy ang kumustahan," sabi ng kanyang mama na nakalabas na pala mula sa kusina. Pinutol niyon ang nakakaiyak nilang pagkikita ng mga biyenan.

Sabay-sabay nilang tinungo ang komedor habang hindi kumakalas sa pagkakahawak sa kamay niya si Beatriz. Halatang sabik na sabik ito sa kanya.

Kung tutuusin nga naman ay wala siyang naging problema sa mga ito. Mahal na mahal siya ng mga in-laws niya at itinuring siyang tunay na anak. Sila lang talaga ni Brad ang nagkaroon ng problema.

Nakaupo na sila sa hapag-kainan nang mapansin ni Iya na may sobrang isang pinggan sa tapat niya. Nagtaka siya dahil naroon na naman silang lahat maliban sa kanyang Lola Dora, pero hindi talaga ito sumasabay sa kanila dahil hirap na itong bumangon. Nasagot ang piping tanong niya nang magsalita ang kanyang ina.

"Siyanga pala, balae. Nasaan si Brad?"

*What! Nandito ang walanghiyang 'yon?* Sasagot pa sana ang tinanong nang biglang may pumasok sa komedor.

At totoo nga yatang, 'Speak of the devil and the devil will appear.'

"Am I late?" nakangiting bungad nito.

"You're just in time, hijo," sagot ni Bernardo.

Bumati ito sa lahat ng naroon pati na sa kanilang kasambahay na nasa di-kalayuan at naghihintay ng utos… maliban sa kanya. Ni sulyap ay hindi siya nito binigyan gayong magkatapat ang upuan nila.

Nainis si Iya. Hindi niya alam kung ano ang gusto nitong palabasin samantalang kanina ay binuwisit siya nito sa supermarket.

*Bahala ka sa buhay mo. Hindi rin kita papansinin*, inis na bulong niya sa sarili ngunit hindi siya nakatiis na sulyapan ito. Tila mas lalo pa itong gumuwapo sa suot nitong light blue polo shirt na naka-tuck in sa tight-fitting denims. Naka-brush up ang buhok nito at hinayaang lumaylay ang ilang hibla ng buhok na nagbigay rito ng kakaibang karisma. Amoy na amoy niya ang pinaghalong amoy ng after-shave lotion at men's cologne na ginamit nito. Ang bangu-bango nitong tingnan.

Masayang nagkuwentuhan ang dalawang pamilya habang kumakain. Hindi gaanong sumasali sa usapan si Iya maliban na lang kung siya ang tinatanong. Labis siyang naaapektuhan ng presensya ng asawa lalo na't kapag nag-aangat siya ng tingin ay nahuhuli niyang nakatitig ito sa kanya. Ilang beses tuloy siyang muntik nang mabulunan at iyong huli nga ay si Brad pa ang nag-abot sa kanya ng tubig. Hindi tuloy niya napansin ang makahulugang palitan ng tingin ng kanilang mga magulang.

"Tapos ka na?"

Nagulat si Iya sa tanong na iyon ni Brad. Nakamasid pala ito nang marahan niyang ibaba ang kanyang kubyertos tanda na tapos na siyang kumain. Nakatingin ang lahat ng mga mata sa kanya at wari ay naghihintay ng sagot niya kaya napilitan siyang magsalita.

"Busog na ako," tipid niyang sagot. Masasal ang tibok ng puso niya. Pakiramdam nga niya ay hungkag pa rin ang tiyan niya dahil sa tensyong nararamdaman niya.

"Paano ka mabubusog, wala pa yatang limang kutsarang kanin ang nakain mo?" patuloy na ani Brad ngunit hindi niya ito pinansin.

Namula ang mga pisngi ni Iya. Ano ba ang ibig sabihin nito, na kanina pa siya nito inoobserbahan kaya nabilang nito ang dami ng nakain niya? At kailangan pa ba siya nitong ipahiya sa mga magulang nila? The nerve of this man!

"Excuse me po, sisilipin ko lang po si Lola sa kuwarto niya." Hindi niya pinahalata ang inis at binalewala ang sinabi ng lalaki. Sa mga magulang nila na naroon siya nagpaalam at nagmamadali na siyang tumayo.

"Adriana!" sita ni Martha sa anak ngunit hindi niya iyon pinansin. Hindi na niya kayang tagalan ang presensya ni Brad. Narinig pa niya ang paghingi nito ng paumanhin sa mga bisita.

Sandali lang sa kuwarto ni Lola Dora si Iya. Humalik lang siya pisngi nito at nagpaalam na. Dumerecho siya kaagad sa sariling silid. Nalilito siya sa kanyang nararamdaman. Dapat ay nagagalit siya sa walang kuwenta niyang asawa pero taliwas ang nais gawin ng puso niya. Gusto niyang magpakulong sa mga bisig nito at hayaan ang sariling maging alipin ng puso niya.

*Ah! Bakit ba kasi nagkita pa tayo? Maayos na ang buhay ko. Kinalimutan na kita!* Nanghihinang napaupo siya sa kanyang kama. Hindi niya alam

kung gaano siya katagal sa ganoong ayos. Labis siyang naguguluhan.

KANINA PA hindi mapakali si Brad sa ibaba. Nagpaalam siya sa mga biyenan at magulang na may kukunin lang sa kotse. Gustung-gusto na niyang yakapin si Iya mula pa kanina pero hindi niya alam kung paano mangyayari iyon. Alam niyang labis ang pagkamuhi nito sa kanya dahil sa kasalanang isinisisi nito sa kanya. Sobra-sobra na ang naging pagsisisi niya at hindi niya alam kung paano siya mapapatawad ng pinakamamahal niyang asawa.

*Ang tanga-tanga mo talaga, Brad. Bakit kasi hindi mo pa aminin ang totoo mong nararamdaman para hindi ka na nahihirapan pa?*

May kung ilang minuto pa siyang nagtagal sa tabi ng kotse niya bago siya nagpasyang bumalik sa loob ng bahay. Naabutan niyang masayang nagkukuwentuhan ang mga matatanda. Kaagad na hinanap ng kanyang mga mata ang asawa ngunit hindi niya ito nakita. Nasa itaas pa raw sabi ni Mama Martha at nagprisinta siyang pupuntahan niya ito para yayaing bumaba.

Binigyan naman siya ng pahintulot ng kanyang

biyenang lalaki. "Sige nga, Brad, pababain mo na ang asawa mo rito."

"Salamat po, Papa." Tila may pakpak ang mga paang umakyat siya sa hagdanan.

Ngunit nabigo siyang makita ito sa silid ni Lola Dora. Naabutan niyang nagbabasa ng Bibliya ang matanda. Noon pa man ay alam niyang mahilig na talaga itong magbasa.

"Bradley, hijo!" gulat na bati ng matanda ngunit halatang sabik ito sa binata.

Lumapit siya rito at nagbigay-galang sa pamamagitan ng pagmamano at paghalik sa noo nito. "Magandang gabi po, Lola. Kumusta na po ang pakiramdam n'yo?"

"Naku, mabuti naman, hijo. Kasama mo ba ang mga magulang mo?" magiliw na tanong ng matanda.

"Opo. Nand'un po sila sa ibaba, kakuwentuhan nina Mama at Papa."

Kumislap ang tuwa sa mga mata nito. "Gan'un ba? Nagkita na ba kayo ng apo ko?" excited na tanong ulit nito.

Huminga nang malalim ang lalaki bago sumagot. "Magkakasalo po kami kanina sa hapunan pero

kaagad siyang umalis pagkatapos niyang kumain. Ang sabi po, pupuntahan daw po kayo sandali."

Hindi nakaligtas sa matalas pa ring pakiramdam ng matanda ang panghihinayang at lungkot sa tinig ng lalaki. Halos ganoon din ang nakita niya sa mukha ng apo kaninang dumaan ito roon. Batid niyang may malalim na kahulugan iyon pero ayaw niyang pangunahan ang mga ito. "Nanggaling nga siya rito kanina at nag-good night sa 'kin. Maaga raw siyang magpapahinga. Hindi ko naman alam na nandito pala kayo. Pasensya ka na sa apo ko, ha?"

"It's okay, Lola. Naiintindihan ko naman s'ya. Hindi nabura ng panahon ang nilikha kong sugat sa puso n'ya," malungkot na pahayag ni Brad.

Tipid na ngumiti ang matanda. "Naniniwala ako sa kapangyarihan ng pag-ibig, apo. Hindi kayang hadlangan ng kahit na ano ang isang wagas na pag-ibig. Ang kailangan lang ay tamang panahon at pagkakataon. Mahal ka ni Adriana, alam ko 'yun. Masyado lang siyang nasaktan."

Masarap pakinggan ang mga salitang iyon ngunit walang kasiguruhan. Malaki ang naging kasalanan niya kay Iya at tama lang na kamuhian siya nito. Labis na niyang pinagsisihan ang nangyari pero huli na. Namumuhi na sa kanya ang pinakamamahal

niyang babae.

"Sana nga po, Lola. Sana nga po." Nagpaalam na si Brad sa matanda. Alam niyang galit sa kanya si Iya at ayaw na niyang palalain pa iyon. Hindi na niya ito pinuntahan sa silid nito. Sinabi na lang niya sa mga magulang na sumama ang pakiramdam ng babae at nagpapahinga na. Hindi na nga bumaba pa si Iya.

# 3

"Iya?"

Napalingon si Iya nang marinig na may tumawag sa pangalan niya at nakita niya ang best friend at teammate niya noong high school. Nasa shopping mall siya noon. "Jade?"

"Kapatid!" tili nito at tuwang-tuwang yumakap sa kanya. Iyon ang nakagawian nilang tawagan noon, dahil tunay na magkakapatid na ang turingan nila sa isa't isa.

Napatawa siya sa ginawi nito at siya man ay nahawa na rin. Niyaya niya itong magmerienda habang nagkukuwentuhan sila. Kaagad itong pumayag.

Tatlo silang magbabarkada, siya, si Jade at si Stephanie. Pare-pareho silang miyembro ng volleyball varsity team noong high school at magkakaklase pa.

"Kumusta ka na, kapatid? Kailan ka pa umuwi galing States?"

"Magti-three weeks na. Nagkasakit kasi si Lola, eh," balita niya. "Ikaw, kumusta na? Ilan na boyfriend

mo?”

“Hoy, excuse me! Ano’ng palagay mo sa ’kin, si Stephanie?” umirap na anito. Ang lakas tuloy ng tawa niya.

“Ikaw talaga, tinira mo naman si Steph. Kumusta na nga pala ’yung babaeng ’yun?”

“Hay naku, gan’un pa rin. Ang huling balita ko’y sa London ngayon rumarampa. Model na ang bruha and she’s one of the best!” pagmamalaki ni Jade.

Natuwa si Iya sa nalaman. “Talaga? Kunsabagay, noon pa man ay hilig na ni Steph ang ganyang bagay.”

“Oo nga!” sang-ayon ni Jade. “Naalala mo pa ba kung paano n’ya asarin si Margie kapag naka-cheerleading costume ang bruha? Grabe! Walang patawad.” Naiiling ito sa pag-alaala sa mga kalokohan nila.

*Margie!* Umecho sa pandinig ni Iya ang pangalang sinambit ni Jade. Natigilan siya. Iyon ang babaeng naging sanhi ng kanyang pagdurusa.

Napansin ni Jade ang biglang pagtahimik niya. “Are you okay?” tanong nito.

Saglit siyang natauhan. “Yeah, I’m okay.”

Uminom siya ng inorder niyang iced tea.

Bumuntong-hininga si Jade. "Hanggang ngayon ba naman ay masakit pa sa 'yo ang nangyari? Matagal na 'yon, high school pa tayo. At saka alam naman natin na malandi talaga ang bruhang 'yon."

Ngumiti si Iya para hindi makahalata ang kaibigan. Ibang pangyayari ang inaakala ni Jade na sanhi ng pagtahimik niya. Hindi kasi alam ng mga ito na isang mas matinding ginawa ni Margie ang dahilan ng paghihiwalay nila ni Brad ilang buwan matapos nilang ikasal.

"Nakalimutan ko na 'yun," pabalewala niyang sabi at binago na ang paksa. "Anyway, nakaka-miss 'yung mga kalokohan natin n'ung high school, 'no?"

"Tama ka d'yan. Kaya nga naisip ko na magkaroon tayo ng get-together party, 'yung section lang natin. Nagkita kami ni Joey kamakalawa at nandito siya ngayon sa Manila. Siya na pala ang namamahala sa hacienda nila sa Davao. Di ba patay na patay 'yun dati sa 'yo? Matutuwa 'yun kapag nalamang nandito ka sa Pilipinas. Tutal naman, matagal na kayong hiwalay ni Brad, di ba?" mahabang saad ni Jade.

Nagpaikot siya ng eyeballs paitaas. "Hay naku, Jade! Wala ka pa ring kupas," natatawang sabi niya

sa kaibigan. Kahit kailan talaga ay walang ginawa ang dalawa niyang best friend kundi ang bigyan siya ng lovelife. Kung alam lang nito ang masalimuot niyang buhay pag-ibig.

ISANG HINDI inaasahang tawag ang natanggap ni Iya nang gabing iyon. Tumawag ang kanyang biyenang babae at inimbitahan siya upang sa tahanan ng mga ito magtanghalian. Nahihiya siya rito kaya pumayag siya. Ipinanalangin na lang niya na sana ay wala roon si Brad bukas. Hindi niya alam kung paano ito pakikiharapan nang hindi niya nababastos ang mga in-laws.

Eksaktong alas diez y media ng umaga nang umalis siya sa kanilang bahay. Isang oras kasi ang biyahe papunta sa bahay ng mga biyenan niya. Ginamit na lang niya ang kotse ng ama. Isang simpleng Sunday dress ang sinuot niya at saka inilugay ang lampas-balikat na buhok. Simple para sa kanya ang ayos niyang iyon pero lumabas ang natural niyang ganda. Very refreshing ang hitsura niya.

Tamang-tama lang ang dating ni Iya kaya kaagad na silang kumain ng kanyang Mommy Beatriz. Wala noon ang asawa nitong si Victorio dahil may inasikaso

raw na ilang bagay ukol sa negosyo. Masaya silang nagkuwentuhan at nagkamustahan pero alerto siya dahil nag-aalalang baka biglang sumulpot doon si Brad. Maaga raw itong umalis kanina at hindi sinabi kung kailan babalik. Nakahinga siya nang maluwag sa kaalamang wala ito roon.

"Hija, nami-miss ko na ang bine-bake mong chocolate cake," lambing ni Beatriz habang umiinom sila ng tsaa sa garden.

"Huwag po kayong mag-alala, Mommy. Kung gusto n'yo po, ipagbe-bake ko kayo ngayon," masuyong aniya.

Bigla ang pagkislap ng mga mata ng matandang babae. "Talaga, hija?"

Nalugod siya sa nakitang reaksyon nito. "Yup!" Nabigla siya nang kaagad siyang hilahin nito patungo sa kusina. Hanggang ngayon talaga ay mahal na mahal pa rin siya nito at labis siyang nagpapasalamat na hindi nagbago ang pakikitungo nito sa kanya sa kabila ng nangyari sa relasyon nila ni Brad.

Masaya silang nag-bake ng cake. Panay ang tikim nito sa ginagawa niya. Para itong bata na tuwang-tuwa sa cake. Patapos na siya sa ginagawa nang maalalang inilagay nga pala niya ang grated

chocolate sa ref kanina kaya nagpaalam siya sa matandang babae na kukunin lang iyon saglit. Naisara na niya ang refrigerator nang sa pagbaling niya ay isang matipunong dibdib ang nabangga niya.

"Ay!" Na-out of balance siya at nabitiwan niya ang hawak na bowl of chocolates at nabasag iyon. Maagap siyang nahagip ng malalakas na bisig kaya hindi siya bumagsak sa sahig. Tumingala siya at nakita niyang si Brad ang nagmamay-ari ng mga brasong nakapulupot sa baywang niya. Titig na titig ito sa kanya. Saglit siyang tila nahihipnotismong napatitig din dito ngunit dagli niyang binawi ang tingin nang matauhan siya. Kagyat niya itong itinulak at yumuko upang pulutin ang mga nabasag at ang nagkalat na chocolates.

"I'm sorry," paumanhin ni Brad. Yumuko din ito upang tulungan siya.

"Don't bother. Ako na'ng magliligpit nito," malamig niyang tugon ngunit hindi naman siya magkandatuto sa pagliligpit kaya nasagi niya ang bubog na nabasag at nasugatan siya. "Ouch!"

Dagling hinagip ni Brad ang nasugatang daliri ng asawa at kaagad sinipsip ang lumalabas na dugo mula roon. Nabigla si Iya sa inasal nito ngunit sa kaibuturan ng kanyang puso ay kinikilig siya sa

gesture na iyon nito. Samantala, hindi inaalis ni Brad ang mga mata sa mukha niya habang sinisipsip ang daliri niya. Parang napaso siya sa titig na iyon ni Brad kaya agad niyang hinila ang kamay at nagmamadaling bumalik sa kinaroroonan ng biyenan.

"Ano'ng nangyari sa 'yo?" agad na tanong ng babae nang makitang may bahid ng dugo ang kamay niya. Agad itong lumapit sa kanya.

Sasagot pa sana siya nang mula sa kanyang likuran ay nagsalita si Brad.

"Nabitiwan niya 'yung bowl ng chocolates kaya 'ayun, nasugatan siya sa pagliligpit," seryosong pahayag nito.

"Halika, gamutin natin 'yan." Kukuha na sana ito ng panggamot nang pigilan ng anak.

"'Wag na, Mommy. May gamot ako sa 'taas, ako na lang ang gagamot," walang gatol na anito.

"O-okay lang, 'wag na. Tumigil na naman sa pagdugo," tanggi niya ngunit mapilit si Brad.

"Halika na. Baka maimpeksyon pa 'yan." Hinila na siya nito para gamutin. Walang nagawa ang protesta ni Iya dahil sa higpit ng hawak ni Brad

sa kamay niya. Naiwan namang nangingiti ang matandang babae.

"Ganyan ka na ba talaga?" sita ni Brad kay Iya nang nasa loob na sila ng silid nito. Lumabas ito ng banyo na dala-dala na ang medicine box.

Napaangat ang tingin niya rito dahil sa tinuran nito. "Ano'ng ibig mong sabihin?"

"'Yang ganyan, hindi nag-iingat." Walang sabi-sabing hinagip nito ang kamay niya upang gamutin.

Bigla ang pagbangon ng inis ni Iya. "Wala kang pakialam! At saka hindi mangyayari 'yon kung hindi ka biglang sumulpot." Hinila niya ang kamay at binirahan ng talikod palabas ng kuwarto ngunit maagap si Brad.

"Teka, s'an ka pupunta? Hindi pa nagagamot 'yang sugat mo." Hinagip uli nito ang kamay niya.

Wala siyang nagawa ng pahiran na nito ng gamot ang nasugatan niyang palad. Hinayaan lang niya ito ngunit abut-abot ang pagpipigil niya sa pagre-react. Malakas ang kabog ng dibdib niya. Nilalagyan na nito ng *Band Aid* ang palad niya nang muli itong magsalita.

"Sayang naman itong palad mo kung

masusugatan lang. Ang lalambot pa naman." At walang sabi-sabing dinala iyon ni Brad sa mga labi at hinagkan. Nabigla si Iya kaya agad niya itong nahablot.

"Ano ba!" galit niyang piksi. "Bastos!"

"Bakit? Ano'ng bastos sa ginawa ko?" takang tanong nito.

"Wala kang karapatang halikan ang kamay ko!" galit niyang asik.

Isang nakakalokong tawa ang pinakawalan ni Brad. "Wala? As far as I know, we're still married and I have every right to do everything I want." Tumitig ito nang matiim sa kanya.

Mabilis ang ginawa niyang pagtayo. "Matagal ka nang wala sa buhay ko kaya hindi ka dapat nakikialam sa 'kin!"

Agad na nahagip ni Brad sa baywang ng papatalikod na sanang asawa. "Hindi ibig sabihin noon ay hindi na tayo mag-asawa. Asawa pa rin kita sa mata ng Diyos at ng lahat ng taong nakakaalam ng tungkol sa sitwasyon natin!"

"Bitiwan mo nga ako!" Pinilit niyang makawala sa mahigpit na yakap ng asawa.

"Not so fast, my dear wife. Not without this."

Bago pa nakaiwas si Iya ay nakabig na siya ng yakap ng lalaki. Buong-kapangahasang inangkin nito ang mga labi niya. Dahil hindi iyon inaasahan ay tila itinulos siya sa pagkakatayo at hindi agad nakakilos. Saglit na nawala siya sa sarili nang makulong sa matitipunong bisig ng asawa.

Nang makabawi at tangkain niyang kumawala ay lalo lamang humigpit ang yapos nito. Napapikit siya nang unti-unting magbago ang marahas na paghalik nito. Naging masuyo ito at naghahanap ng katugunan.

Napasinghap si Iya at hindi na napigilan ang nararamdaman. Tinugon niya ang mainit na halik ng asawa. Halos mabingi siya sa malakas na tibok ng puso niya. Pakiramdam niya ay nakalutang siya sa alapaap sa pagkakakulong niya sa mga bisig nito.

Matagal ang sandaling iyon. Nang dahan-dahang iangat ni Brad ang mukha mula sa kanya ay pareho silang naghahabol ng hininga. Naramdaman niya ang mainit nitong hininga sa pisngi niya at tuluyang nagbalik sa katinuan ang isip niya. Malakas niya itong itinulak palayo saka tinalikuran para pahirin ng likod ng kamay ang tila namaga niyang mga labi.

"Iya, I–"

"Wala na tayong dapat pang pag-usapan, Brad. Tigilan mo na ako." Huminga muna siya nang malalim bago tuluyang lumabas ng kuwarto.

Nanghihinang napasandal si Iya sa isinarang pinto at hinayaang mamalisbis ang mga luha sa pisngi. Ngunit agad din niyang pinahid ang mga iyon. Hindi ba matagal na niyang isinumpa sa sarili na hindi na siya mag-aaksaya ng luha sa lalaking iyon?

Palagi na lang siya nitong sinasaktan. Kahit noon pa ay wala na itong pakialam sa nararamdaman niya. Napaka-selfish nito. Simula't sapul pa lamang ay tumutol na ang isip niya na ibigin ito ngunit nasunod pa rin ang puso niya. Minahal niya ito ngunit labis na sakit lamang ang ibinigay nito sa kanya.

Ngayon, sa muli nilang pagkikita ay napatunayan niya sa sariling mahal pa rin niya ito ngunit hindi na niya hahayaang saktan siya nitong muli. Hinding-hindi niya iyon aaminin dito kahit pa iyon ang isinisigaw ng puso niya.

Hindi na niya nagawang makapagpaalam sa biyenan. Nagmamadali siyang umalis ng bahay. Samantalang naiwang nanghihinang napaupo

naman sa kama si Brad.

Dumerecho si Iya sa kanyang silid nang makarating sa bahay. Naiinis siya sa sarili dahil sa naging pagtugon niya sa halik ng asawa kanina, pero hindi niya maikakaila sa sarili na matagal niyang pinanabikan na muling makulong sa mga bisig nito at madama ang halik nito. Ngunit hindi sapat ang nararamdaman niya upang makalimutan ang sakit na idinulot ni Brad sa kanyang batang puso noon.

Maganda sana ang kuwento ng buhay-pag-ibig nila noon kung isasapelikula. Akala niya ay magiging maayos na ang lahat kahit pa hindi normal ang umpisa ng relasyon nila. Pero nang dahil sa kataksilan ni Brad ay naglaho ang lahat ng iyon. Gumuho ang mga pangarap na binuo niya para sa kanilang dalawa. At unti-unting nagbalik sa alaala niya ang nakaraan nila ng tanging lalaking minahal niya…

# 4

*Five years ago…*

"Something must be wrong here!" masusi niya ulit pinagmasdan ang test papers niya. "Talagang meron."

Hindi talaga makapaniwala si Brad na bagsak siya sa exams nila sa Mathematics. Lumapit siya sa kanilang teacher at napatunayan niyang mali ang pag-check sa papel niya. Si Iya ang nakapirma na checker ng papel niya. Ito ang topnotcher sa klase nila. Medyo asar siya rito dahil pakiramdam niya ay suplada ito at maarte palibhasa ay matalino at sikat sa campus. Transferee lang siya at suwerteng napunta siya sa first section. Maganda naman kasi ang record niya. Kailangan nga lang niyang magpalipat-lipat ng school dahil na rin sa trabaho ng kanyang daddy. Ambassador ito at parte na ng trabaho nito ang paglilipat-lipat ng tirahan depende kung saan ito i-assign ng pamahalaan. Ngayon ay galing sila ng France.

"You'll pay for this, brat!" bulong niya sa sarili habang hinahanap kung nasaan ang dalaga. Nakita niya itong kaumpok ng iba pa nilang mga kaklase.

"Excuse me, Adriana. Can I talk to you?" may ngiti pa sa labing sabi ni Brad ngunit sa loob naman ay inis na inis.

"Ha? Sure." Nagtataka man ay nagpaunlak si Iya. Unusual kasi na kausapin ito ng transferee na masyadong suplado.

"Excuse us, girls, ah?" nakangiting paumanhin ni Brad sa mga kaklaseng katumpok ni Iya. Ngunit nang makalayo sila ay nawala ang matamis na ngiti ng binata. Napalitan iyon ng pagkayamot.

"I thought you're the smartest student in our section," pauyam na pahayag ni Brad. "Maging maingat ka naman! 'Wag kang tatanga-tanga sa pagche-check ng test paper. Nadadamay ang ibang tao sa carelessness mo!" galit na litanya nito sa nabiglang kaharap.

Nalito si Iya. "Wait lang! Pakilinaw nga ng sinasabi mo. I don't understand, okay?"

"You don't understand? Look how you carelessly checked my paper." Halos iduldol nito sa mukha niya ang papel.

Pahalbot niyang kinuha iyon at tiningnan. Nagkamali nga siya at handa siyang aminin iyon pero sobra naman ito kung makapanlait. Hindi

niya matatanggap na tinawag siya nitong tatanga-tanga! Bumuntong-hininga siya bago tumunghay at humarap sa supladong binata.

“I’m sorry, Mr. Perfect! But you have no right to insult me that way!” mataray na sabi ng nainsultong dalaga.

“At ikaw pa ang may ganang magalit! Ikaw ang nagkamali at hindi ako. I won’t tolerate such stupidity,” maanghang pa ring pahayag ng binatilyo.

“Aba’t...!” Sasampalin sana niya ito ngunit naagapan ni Brad ang kamay niyang nakataas na sa ere.

“Oops! Baka naman sinadya mo talagang malian ang papel ko?” Nakakaloko itong ngumiti.

“And why would I do that?” singhal ni Iya sabay haltak sa kamay niyang hawak nito.

“Para pansinin kita,” walang anumang sabi nito sabay haplos sa makinis niyang pisngi.

“Ang kapal ng mukha mo! Nunca na gustuhin kong mapansin mo ako, ’no!” Pinalis niya ang kamay nitong humahaplos sa balat niya. Halos umusok na talaga ang ilong niya sa sobrang inis. Pinagtitinginan na sila ng mga kakalase nila.

"Really?" Tila namamagnetong nakatingin si Brad sa mga labi niyang kumikibot-kibot pa rin dala ng sobrang inis.

Ohh's at ahh's ng mga estudyante ang sumunod na narinig dahil sa sumunod na nangyari sa dalawa. Walang anu-ano ay bigla na lang hinalikan ni Brad sa labi ang nabiglang dalaga. Dala marahil ng pagkabigla ay hindi agad nakahuma si Iya. Natauhan lang siya nang marinig ang reaksyon ng mga kaklase niya. Sa pagkagulat ay bigla niyang sinampal ang binata saka nagtatakbo papalayo. Naiwang nakatulala si Brad pati na ang mga nakasaksi ng insidente.

Nagtungo si Iya sa comfort room. Ini-lock niya ang pinto saka gigil na humarap sa salamin. "I hate him! I hate him! Ang walanghiyang 'yon, naku!"

Nasa ganoon siyang paghihimutok nang marinig niya ang pagtawag ng dalawa niyang kaibigan mula sa labas ng pinto ng CR. Pinagbuksan niya ang mga ito.

"Ano ba'ng nangyari kanina? Bakit ka niya hinalikan?" tanong agad ni Jade.

"Oo nga, kapatid! Ano'ng problema ng Papa Brad?" sang-ayon ni Stephanie.

Bumuntong-hininga muna si Iya bago nagsalita.

“Hay naku! Ang yabang-yabang niya! Hindi ko naman sinasadyang magkamali sa checking ng test paper niya, sukat ba namang insultuhin ako. That bastard!”

“Eh, bakit ka niya hinalikan? Ano ’yon, kabayaran sa pagkakamali mo?” nakasimangot na pahayag ni Jade.

“Ay, sana ako na lang ang nagkamali! Suwerte mo naman, kapatid!” kinikilig na tili ni Steph.

Tiningnan ni Iya nang matalim ang kaibigan. Sinita naman ito ni Jade. “Ano ka ba naman, Steph! Kita mo na ngang napahiya na itong kaibigan natin kanina ’tapos kinikilig ka pa d’yan.”

“Alam ko naman ’yon pero aware naman tayo na hot campus figure ’yang si Brad and I’m sure marami ang naiinggit dito sa kapatid natin,” depensa ng sinita.

“I don’t care kung siya pa ang pinakaguwapo dito sa school! Ipinahiya niya ako, puwes lintik lang ang walang ganti!” inis pa ring banta ng dalaga.

Iyon na ang simula ng giyera sa pagitan nilang dalawa ni Brad. After that incident ay naging tampulan na sila ng tukso lalo na sa klase nila. Apektado siya dahil sa tuwing tatapunan niya ito ng

nakamamatay ng tingin ay ngingisi lang ito na wari ay gustong ipaalala sa kanya ang nangyari.

“BAKIT BA hanggang ngayon, eh, galit ka pa rin kay Brad?” sita ni Jade nang mapansin nitong nalukot ang mukha niya habang naglalakad sila sa corridor.

“Tinatanong mo sa ’kin kung bakit? Pag nagkataon nga, makakapatay ako ng kuwago!”

“Relax, kapatid. Relax.” Natatawang tinapik pa ng kaibigang si Jade ang balikat niya. “Last week pa nangyari iyon. At saka hindi ka ba nag-enjoy sa kiss niya?”

Biglang sumabat si Steph, “Paano ’yan mag-e-enjoy, eh, nabigla ’yan, ’no?” Sinundan nito iyon ng halakhak. Napatawa na rin si Jade.

Sinimangutan niya ang dalawa. “Na kanino ba talaga ang loyalty n’yo? Nakakita lang kayo ng guwapo, bumalimbing na kayo!”

“Alam mo, kapatid, charge it to experience na lang. Cute naman si Brad, eh,” nagkibit-balikat na saad ni Steph.

“Cute? Mukhang kuwago ’yun, ’no!” irap niya sa

dalawang kaibigan ngunit sa ginawa niya nahagip ng tingin niya ang paparating na lalaki. “Speaking of the devil!” gigil na sabi niya at biglang lumuwang ang ngiti. “Watch me, girls.”

“Oh, sh*t!” napamurang ani Brad nang mawalan ng balanse sanhi ang pagkakatapilok at tuluyang bumagsak sa sahig.

Painosente namang lumapit si Iya upang kunwa ay tulungan ito. Marami kasi ang nakakakita. “Here. Let me help you.” Iniabot niya ang isang kamay rito.

Napatingin si Brad sa nakalahad na kamay ng babae. Alam niyang si Iya ang pumatid sa kanya. Hindi siya papayag na siya lang ang mapahiya kaya inabot niya ang nakalahad nitong kamay at may kumislap na kalokohan sa isip niya. Nang akmang tatayo na siya ay bigla niya itong hinila kaya magkapatong silang bumagsak.

“Ay!” Napatili ang dalaga nang sumadlak sa ibabaw ni Brad.

Nanatili si Brad na nakayakap kay Iya. Hindi niya maalis ang titig sa maganda nitong mukha. Wari ay may malakas na puwersang humuhigop sa kanila para manatili sa posisyong iyon. Nabalik lang sila sa realidad nang marinig ang tuksuhan ng mga

kapwa estudyante.

“Uyy!”

Mabilis silang kumalas sa isa’t isa. Walang lingon-likod na nagmartsa papalayo si Iya sa lugar na iyon, habang nagmamadali namang sinundan ito ng dalawang kaibigan. Nangingiting hinatid ni Brad ng tingin ang papalayong dalaga.

Simula noon ay lalong lumakas ang pagbibiro sa kanilang dalawa. Hindi lumilipas ang maghapon na hindi sila itutukso sa isa’t isa. Lalo lamang naiinis ang dalagita lalo pa’t kita niyang natutuwa pa si Brad kapag nakikitang umuusok na ang ilong niya sa galit.

Ewan kung nagkataon lang, pero sila pa rin ang naging partners sa paggawa ng term paper.

“Siguro soulmates kayo ni Brad,” nakangiting sambit ni Jade matapos sabihin ng teacher nila ang tungkol sa term paper nila. Nasa loob sila noon ng ladies’ room ng campus.

“Palagay ko nga, kapatid. Kahit si Ma’am, die hard fan ng loveteam n’yo,” sabad naman ni Steph na kasalukuyang nagsusuklay ng buhok.

Sumimangot si Iya sa reflection niya sa salamin

bago sila lumabas ng banyo. Nanguna siya sa paglalakad. “Puwede ba? Hindi totoo ang soulmates, ’no!”

“Sus! If I know, napapanaginipan mo pa sa gabi si Brad!” kinikilig na sabi ulit ni Steph.

Huminto siya at humarap sa mga ito. “Yuck! Ang dumi ng iniisip mo! Pagbuhulin ko kayo d’yan, eh.”

Nabigla pa si Iya nang biglang may umakbay sa kanya mula sa likuran. “Kayo naman, lagi n’yo na lang inaasar itong maganda kong partner.” Ngumiti nang matamis sa kanya si Brad.

“Isa ka pa!” Siniko niya ito sa tagiliran bago nagmamartsang lumayo sa tatlo.

Ewan ni Iya kung coincidence lang talaga ang lahat o sadyang pinagtatagpo sila ng tadhana. Dahil bukod sa term paper, nakatakda rin pala silang magkasama sa varsity team. Umano ay na-impress ng binata ang coach nila kaya naging instant member ito ng basketball team.

Daig pa niya ang bumagsak sa final exam sa Physics sa naramdamang inis. Makakasama niya sa varsity team ang pinakaiinisan niyang tao sa buong campus! “Oh, Lord, mabait naman ako, bakit mo ’ko ginaganito?” exaggerated niyang himutok sa langit.

"TAKOT ka ba sa bulate, Iya?" minsan ay tanong ni Brad sa dalaga habang nagpapahinga silang lahat mula sa practice nila.

Nagulat si Iya sa tanong na iyon ng binata bagaman napakatamis ng ngiti nito sa kanya. "Oo naman! Hate ko 'yun. Yuck!" At animo kinikilabutan talaga siya. "Why?"

"Ah, wala naman," balewalang tugon nito.

Nagkibit-balikat siya at hindi na ito tinapunan pa ng tingin kaya hindi niya napansin ang sumilay na nakakalokong ngiti sa mga labi nito. Nagulat pa siya nang bigla ulit itong magsalita.

"Siyanga pala, para sa 'yo. Peace offering." Saka nito iniabot sa kanya ang garapon. Binuksan pa nito iyon at saka kinuha sa pamamagitan ng chopsticks ang laman niyon at inialok sa kanya. Mga bulateng gumagalaw pa!

"Ay!"

Napatingin ang lahat ng kasamahan nila dahil sa tiling iyon ng dalaga. Nahulog siya sa kinauupuan dahil sa sobrang takot. Ang lakas naman ng tawa ni Brad sa nakitang reaksyon ni Iya. Mabuti na lang naroon si Joey, kaklase niya at member din ng basketball team. Ito ang dali-daling lumapit sa

kanya at itinayo siya habang walang tigil pa rin sa pagtawa si Brad. Iyong tayo niyang iyon ay walang sabi-sabing umigkas ang kamao niya. Sapol sa nguso ang tumatawang kumag at saka siya taas-noong lumakad palayo.

Simula noon, isinumpa na ni Iya sa sarili na hindi na niya kakausapin o di kaya ay titingnan man lang ang walanghiya niyang kaklase.

Hanggang sa makauwi ay galit na galit pa rin siya. Hindi siya nakuhang pakalmahin ng kanyang dalawang kaibigan. Nagpaalam na lang siya sa kanilang coach na uuwi na dahil sumama ang pakiramdam niya at pinayagan naman siya.

"Mukhang mainit yata ang ulo ng apo ko? May problema ba ha, hija?" nag-aalalang tanong ng kanyang lola nang makarating siya sa bahay.

"Wala naman po. May kinaiinisan lang po akong varsity player," tugon niya saka pabagsak na naupo sa silya sa garden kung saan naroon ang abuela.

Naupo na rin ito sa katabi niyang silya. "Bakit naman?"

Ikinuwento ni Iya ang nangyari at hindi niya napigilan ang panggigigil. Nagtaka pa siya nang tumawa nang malakas ang matanda. Nagtataka

siyang napatingin dito. Tila nakahalata ito na lalo siyang nainis dahil sa pagtawa nito.

"Kasi naman, apo, baka naman nagpapapansin lang 'yon sa 'yo," pigil ang pagtawa na pahayag nito.

"Ano po?"

"Baka naman may gusto 'yon sa 'yo at hindi lang makaporma nang maayos kaya iniinis ka. Hindi imposible 'yon. Maganda ka at matalino."

"Eww! Lola naman, sinapak ko nga siya kanina. Dumugo yata ang nguso ng antipatikong 'yon." Hindi niya sineryoso ang sinabi ng abuela. Hindi niya ma-imagine ang sarili na nobyo si Brad. *No way*! Pero sa kaibuturang bahagi ng kanyang puso ay may munting kilig siyang naramdaman bagaman hindi niya binigyang-pansin.